



Bakit mahalaga na mabakunahan?

Pinoprotektahan ng mga bakuna sa COVID-19 ang mga tao mula sa malubhang pagkakasakit mula sa COVID-19 at para di mapunta sa pagkakahospital o pagkamatay. Binabawasan din nito ang panganib ng pagkakaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19 (tulad ng matagal-na-COVID), at mula sa pagliban sa trabaho o eskwela.

Bilang karagdagan pa, ang pagbabakuna ay nagpapababa sa panganib ng paghawa ng COVID-19 sa ibang mga tao. Lalo itong nakakatulong sa pagprotekta sa mga tao na [may mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng malubhang sakit](#).

Inirerekomenda na ang mga tao na nagkaroon sa nakalipas ng COVID-19 na magbabakuna pa rin upang mapalakas ang kanilang imyunidad at upang mabawasan ang kanilang panganib ng pagkakahospital dahil sa COVID-19.

Gaano kahusay gumana ang mga bakuna?

Ang mga bakuna ng COVID-19 ay mahusay na gumagana sa pagprotekta laban sa malubhang mga karamdaman, pagkakahospital, at pagkamatay mula sa COVID-19. Kung ikukumpara sa mga tao na [napapanahon](#) sa kanilang mga pagbabakuna sa COVID-19, ang mga taong hindi pa nabakunahan [ay mas malamang na magkaroon ng COVID-19](#), mas malamang na [mahospital na mayroong COVID-19](#), at mas malamang na [mamamatay mula sa COVID-19](#).

Tulad ng lahat ng mga bakuna, ang mga bakuna ng COVID-19 ay hindi 100% na epektibo sa pagpigil ng impeksyon. Ang ilang mga taong napapanahon sa kanilang mga pagbabakuna sa COVID-19 ay magkakasakit ng COVID-19. Ngunit kung mananatili kang napapanahon sa iyong mga pagbabakuna at ikaw ay mahawahan, malamang ay hindi ka magkakasakit at, kung ikaw man ay magkakasakit, malamang ay hindi ka malubhang magkakasakit o mamamatay. Ang pananatiling napapanahon sa mga pagbabakuna sa COVID-19 ay nagbabawas sa pagkakataon ng pagkakalat ng sakit sa iba at nagdaragdag sa iyong proteksyon laban sa bagong mga baryante ng SARS-CoV-2, ang virus na nagसानhi ng COVID-19.

Habang nagbabago ang siyensiya at ang virus, ganoon din ang mga rekomendasyon sa bakuna. Ang mga sayentipiko at mga dalubhasa sa medisina ay patuloy na masinsinang sumusubaybay sa mga palatandaan ng nabawang imyunidad sa mga tao sa iba't ibang mga edad at may iba't ibang mga kadahilanan ng panganib. Tinitingnan din nila kung gaano kahusay ang mga bakuna sa pagprotekta laban sa mga bagong baryante ng virus.

Aling mga bakuna ang magagamit sa Amerika (US)?

May apat na bakuna sa COVID-19 na magagamit sa Amerika (US). Ang mga ito ay gawa ng Pfizer-BioNTech (pangalan ng tatak ay Comirnaty), Moderna (pangalan ng tatak ay Spikevax), Janssen/Johnson & Johnson (J&J), at Novavax. Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay awtorisado para sa mga taong edad 6 na buwan pataas. Ang mga bakunang J&J at Novavax ay awtorisado lamang para sa mga hustong edad na edad 18 pataas.

Inirerekomenda ngayon ng CDC ang mga bakuna sa COVID-19 na Pfizer, Moderna, at Novavax kaysa sa bakuna ng J&J dahil ang potensyal na mga panganib mula sa bakunang J&J, kahit na madalang, ay mas malaki kaysa sa ibang mga bakuna.

Ang bakuna ng J&J ay magagamit pa rin para sa:

- Ang mga taong hindi pwedeng kumuha ng bakunang Pfizer, Moderna, o Novavax dahil sa mga medikal na kadahilanan (tulad ng malubhang alerdyik na reaksyon sa sangkap ng bakuna).
- Ang mga taong mas pinipili ito sa kabila ng mga alalahanin sa kaligtasan. Alamin pa ang mas marami sa [COVID-19 na Pangkalahatang-Idea \(Overview\) at Kaligtasan ng Bakuna ng Johnson & Johnson's Janssen](#).

Upang malaman pa ang mas marami, bisitahin ang webpage ng CDC na [Manatiling Napapanahon sa Iyong mga Bakuna sa COVID-19](#).



Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Madalas Itanong na Katanungan

MGA PANGUNAHING KAALAMAN SA BAKUNA



Saan ako makakakuha ng dagdag pang Impormasyon?



- Para ilimbag (print) o makita ang FAQ na ito o mga FAQs ng iba pang mga paksa sa bakuna ng COVID-19, i-scan ang QR na kodigo (code) o bisitahin ang [Bakuna ng COVID-19 FAQs](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Pagbabakuna ng COVID-19](#) na may kasamang mga larawan (graphics) upang ipakita kung kailan kailangang gawin ang bawat dosis at impormasyon sa [Paano Magpabakuna](#).
- [Mga Bakuna para sa COVID-19](#) na webpage ng CDC.
- Tanungin ang iyong doktor kung ikaw ay may mga katanungan.